## APPLICATION

- Ikaw ba ay namumuhay ayon sa pamantayan ng Salita ng Diyos? Paano mo magagawang kilalanin ang Diyos at ang Kanyang Salita araw-araw?
- Paano ka natulungan ng araling ito na isaayos ang iyong pagkakaunawa sa pagtatalik at kasal? Paano mo maisasabuhay ang iyong mga natutunan sa araw na ito upang magbigay karangalan sa Diyos?
- Paano mo maiingatan ang iyong puso at isipan laban sa makamundong pananaw tungkol sa pagtatalik at kasal? Anong bahagi ng iyong pananaw ang kinakailangan mong baguhin?

## PRAYER

- Ihayag na ang Salita ng Diyos ang ganap na pamantayan ng iyong buhay. Manalangin na ikaw ay magkaroon ng mas malalim na pagkagutom at pagkauhaw sa Salita ng Diyos, at na baguhin ng Diyos ang iyong pag-iisip sa iyong pagninila-nilay sa Kanyang Salita araw-araw.
- Ipanalangin na ang iyong buhay at ang iyong katawan ay maging instrumento ng kabanalan at na iyong mabigyan karangalan ang Diyos sa pamamagitan ng iyong paraan ng pamumuhay.
- Ipanalangin na ang Diyos ay mapararangalan sa lahat ng kasal at relasyon. Hilingin sa Diyos ang kakayanan na masunod ang Kanyang pamantayan sa iyong buhay at na ikaw ay maging isang halimbawa ng maka-Diyos na pamumuhay sa ating kultura at komunidad.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph



# Pamantayan

## NOTES

## WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa pinakamagandang kasal na iyong nadaluhan. Ano ang nagustuhan mo sa kasalang ito?
- Sino sa iyong palagay ang hinahangaan ng mga kabataan sa panahong ito? Bakit siya umaani ng ganitong paghanga?
- Sino ang mag-asawa na iyong lubos na hinahangaan? Bakit mo sila hinahangaan?

**WORD**

*[24]Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kaniyang asawa at silang dalawa ay magiging isa. [25]Nang panahong iyon, kahit hubo't hubad silang dalawa, hindi sila nahihiya.* **GENESIS 2:24,25**

---

Ang pagtatalik ay mula sa Diyos. Malinaw na sinasabi ng Kanyang Salita na ang pagtatalik ay para lamang sa kasiyahan ng isang lalaki at isang babae na nasa ilalim ng kasunduan ng kasal. Bilang mga Kristiyano, dapat nating panghawakan ang Kanyang Salita, at hindi dapat natin hinahayaan ang "popular culture" o kaya ay ang mga opinyon ng ibang tao upang ibigay ang kahulugan ng pagtatalik o "sex" para sa atin. Sa araling ito, ating aalamin ang tatlong mga panuntunan tungkol sa pagtatalik ayon sa pamantayan ng Salita ng Diyos.

## 1 Ang Salita ng Diyos ang natatanging pamantayan.

*[16]Lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at mapapakinabangan sa pagtuturo ng katotohanan, pagsasaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa matuwid na pamumuhay, [17]para maging handa sa lahat ng mabubuting gawa ang naglilingkod sa Diyos.* **2 TIMOTEO 3:16,17**

Ang Salita ng Diyos ang ganap na pamantayan sa ating mga buhay. Bago tayo lumapit kay Kristo, tayo ay namuhay sa pamantayan ng mundo, subalit ngayon, ating tinanggap ang Salita ng Diyos bilang batayan ng ating mga pinaniniwalaan at ng ating paraan ng pamumuhay. Paano ka ginagabayan ng Salita ng Diyos sa iyong pang-araw-araw na buhay?

## 2 Ang Diyos ang nagtalaga ng pakikipagtalik.

*Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kaniyang asawa at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:24**

Sa simula, nakita ng Diyos na ang lahat ng Kanyang ginawa ay mabuti, kabilang ang pagtatalik o "sex." Samakatuwid, ang pagtatalik ay itinakda ng Diyos—at dahil dito, dapat natin itong ituring ng may paggalang at karangalan. Sinabi sa Bibliya na ang pagtatalik ay dapat lamang maranasan sa loob ng isang kasal. Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos patungkol sa pagpapahalaga sa kasal? (Mga Hebreo 13:4)

## 3 Ang pagtatalik ay dapat lamang sa pagitan ng mag-asawa.

Nang panahong iyon, kahit hubo't hubad silang dalawa, hindi sila nahihiya. **GENESIS 2:25**

Ang pagtatalik ay bahagi ng layunin ng Diyos para sa tao. Inilagay ng Diyos ang mga limitasyon para sa pagtatalik: sa loob ng kasunduan ng isang kasal sa pagitan ng isang babae at isang lalaki. Ang layunin ay para sa pagpapalaganap ng lahi at sa kasiyahan ng mga-asawa (Genesis 1:28). Paano nabago ng katotohanan na ginawa ng Diyos ang pagtatalik upang pagpalain ang Kanyang mga anak at upang bigyan sila ng kasiyahan ang iyong pagkakakilala sa Kanya?